


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 8: Kasarian ng Pangngalan



**MTB-MLE – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 8: Kasarian ng Pangngalan
Unang Edisyon 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot ng mga awtor at tagapaglathala.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maria Wilma I. Matibag

Editor: Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay

Tagasuri: Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor

Tagaguhit: Emily D. Madarang

Tagalapat: Cristina T. Fangon, Edeliza T. Manalaysay

Tagapamahala: Nicolas T. Capulong
Librada M. Rubio
Ma. Editha R. Caparas
Nestor P. Nuesca
Merlinda T. Tablan
Ellen C. Macaraeg
Elena V. Almario

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 8:
Kasarian ng Pangngalan

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makatutukoy ng kasarian ng pangngalan.

MT2GA-Ic-2.1.2



Subukin

Panuto: Isulat ang kasarian ng pangngalan batay sa mga sumusunod na larawan. Piliin ang titik ng tamang sagot sa loob ng kahon at isulat sa iyong sagutang papel.

L - panlalaki

B - pambabae

D - di-tiyak

W – walang kasarian

_____ 1.



_____ 4.



_____ 2.



_____ 5.



_____ 3.



Aralin

1

Kasarian ng Pangngalan

Mahalaga na malaman natin ang mga kasarian ng pangngalan upang malaman natin ang tinutukoy ng bawat larawan na ating nakikita o mga tekstong ating nababasa.



Balikan

Panuto: Iguhit sa iyong sagutang papel ang 😊 kung ang sumusunod na salita at tumutukoy sa tao at ☹️ naman kung hindi.

_____ 1. telepono

_____ 2. panyo

_____ 3. ate

_____ 4. abogado


_____ 5. tatay



Tuklasin

Sa araling ito matutuklasan mo ang iba't ibang kasarian ng pangngalan na tumutukoy sa tao, bagay at mga hayop. Ngunit bago iyan ay basahin mo muna ang kuwento.

Basahin at unawaing mabuti ang kuwento.



Ang Aking Mga Laruan

Maria Wilma Matibag

Marami akong laruan. Ito ay bigay ng aking nanay, tita, lola at ng mga kapatid. Mayroon akong manika na iba-iba ang itsura, at mga luto-lutuan na may kasamang iba't ibang hugis ng gulay at prutas. Mayroon din akong mga **puzzle** na gustong-gusto ko dahil tumatalas ang aking isipan. Pagkatapos kong laruin ang mga ito, inililigpit at ibinabalik ko sa kabinet.



Suriin

Panuto: Sagutin ang sumusunod na mga tanong tungkol sa binasang kuwento. Piliin ang letra ng tamang sagot.


1. Ano ang pamagat ng kuwento?
 - A. Laruan
 - B. Ang Aking Mga Laruan
2. Ilan ang kanyang mga laruan?
 - A. Marami
 - B. Isa
3. Sino-sino ang nagbigay ng kanyang mga laruan?
 - A. kapit-bahay, kamag-aral at kaibigan
 - B. nanay, tita, lola at mga kapatid
4. Ano ang gustong-gusto niyang laruan na nagpapamalas ng kanyang isipan?
 - A. manika
 - B. puzzle
5. Pagkatapos niyang laruin, ano ang kanyang ginagawa sa mga laruan?
 - A. Inililigpit at ibinabalik sa kabinet.
 - B. Iniiwanan na lamang.

May apat na kasarian ang pangngalan.

Pambabae	Panlalaki	Di-tiyak	Walang Kasarian
Lola	Hardinero	Pulis	Bato
Ana	Tiyo	Guro	Silya
Bea	Kuya	Pangulo	Damit
Ate	ninong	Ibon	Tinapay
Prinsesa	pari	kalabaw	papel

Subukin mo ngang tukuyin ang kasarian ng mga pangngalang ginamit sa kuwento. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. kapatid
2. laruan
3. gulay
4. lola
5. cabinet



Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Tukuyin ang kasarian ng pangngalan ng mga larawan na nasa ibaba. Isulat ang **PL** kung panlalaki, **PB** kung pambabae, **DT** kung di-tiyak at **WK** kung walang kasarian.

_____ 1.



_____ 2.



_____ 3.



_____ 4.



_____ 5.



Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Isulat ang I kung tama ang kasarian ng pangngalan at M naman kung mali.

- _____ 1. pinsan-panlalaki
- _____ 2. puno-walang kasarian
- _____ 3. ate-pambabae
- _____ 4. pulis-di-tiyak
- _____ 5. kama-walang kasarian

Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Pagtapatin kung anong kasarian ang tinutukoy ng mga nasa larawan. Isulat lamang ang letra.

Hanay A



2.



3.



4.



5.



Hanay B

a. pambabae

b. panlalaki

c. di - tiyak

d. Walang kasarian

Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Basahin at piliin ang tamang kasarian ng mga sumusunod na pangngalan.

Pangngalan	Kasarian ng Pangngalan	
1. bata	pambabae	di-tiyak
2. nanay	panlalaki	pambabae
3. plato	walang kasarian	di-tiyak
4. ninong	pambabae	panlalaki
5. tita	pambabae	panlalaki

Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Tukuyin ang kasarian ng sumusunod na pangngalan. Kopyahin ang tsart at isulat sa wastong hanay ang iyong sagot.

1. damit
2. ninang
3. lolo
4. kaklase
5. kapit-bahay

Panlalaki	Pambabae	Di-tiyak	Walang kasarian

Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Isulat ang **PL** kung panlalaki, **PB** kung Pambabae, **DT** kung di-tiyak at **WK** kung walang kasarian.

1. paso
2. ale
3. kuya
4. nars
5. tabo



Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Piliin ang angkop na kasarian ng pangngalan.

- | | | | |
|--------------------|----------------------------------|-------------------------------|-----------------------------------|
| 1. pambabae | <input type="checkbox"/> kaklase | <input type="checkbox"/> ate | <input type="checkbox"/> bumbero |
| 2. panlalaki | <input type="checkbox"/> tatay | <input type="checkbox"/> puno | <input type="checkbox"/> kaibigan |
| 3. di-tiyak | <input type="checkbox"/> baso | <input type="checkbox"/> bola | <input type="checkbox"/> kaklase |
| 4. walang kasarian | <input type="checkbox"/> suklay | <input type="checkbox"/> tita | <input type="checkbox"/> tito |
| 5. pambabae | <input type="checkbox"/> lola | <input type="checkbox"/> lolo | <input type="checkbox"/> kaibigan |

Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Isulat ang kasarian ng pangngalan ng mga nasa larawan kung panlalaki, pambabae, di-tiyak o walang kasarian.



Isaisip

Ang pangngalan ay may apat na kasarian.

Panlalaki - pangngalang tumutukoy sa ngalan ng lalaki.

Pambabae - pangngalang tumutukoy sa ngalan ng babae.

Di-tiyak - pangngalang maaaring tumukoy sa lalaki o babae.

Walang kasarian - pangngalang tumutukoy sa bagay na hindi babae at hindi rin lalaki.



Isagawa

Panuto: Tukuyin ang kasarian ng pangngalang nakahilig sa pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot.

- a. pambabae
- b. panlalaki
- c. di-tiyak
- d. walang kasarian

- _____ 1. Ang *kalabaw* ay kulay itim.
- _____ 2. Ang *baso* ay puno ng tubig.
- _____ 3. Matulungin ang aking *ninang*.
- _____ 4. Ang *radyo* ay bago.
- _____ 5. Ang *ama* ay masipag.



Tayahin

Panuto: Piliin sa ibaba ang wastong kasarian ng pangngalang may salungguhit sa pangungusap. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

L – panlalaki

B – pambabae

D – di-tiyak

W – walang kasarian

- _____ 1. Ang kama ay malambot.
- _____ 2. Masipag ang aming guro.
- _____ 3. Siya ang tunay kong kaibigan.
- _____ 4. Ang aking kuya ay malakas.
- _____ 5. Ang lola ko ay mabait.



Karagdagang Gawain

Panuto: Piliin ang mga pangngalan na ginamit sa talata at isulat ito batay sa hinihingi sa loob ng kahon.

Maraming tao sa parke tuwing hapon. Mga bata at matanda ang namamasyal na may kasama pang mga alagang aso. Si Nena at ang kanyang nanay ay madalas nagpupunta rito. Libang na libang siya dahil maraming mabibili rito tulad ng sorbetes, **fishball** at iba't ibang kulay na lobo.

Panlalaki	Pambabae
Di-tiyak	Walang Kasarian

Sanggunian

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph